Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY JASAAN NOONG IKA- 20 NG SETYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-11:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................ | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 305-T'2000

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 11-T'2000 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA HUMIHILING SA NAKATATAAS NA AHENSYA NG PAMAHALAAN SA PAMAMAGITAN NG KGG. RODOLFO S. SAN LUIS, KINATAWAN NG IKAAPAT NA DISTRITO NG LAGUNA NA MAPAGKALOOBAN ANG MGA KAPITAN NG BARANGAY AT LAHAT NG NANUNUNGKULAN SA BARANGAY NG MGA BENEPISYO AT INSENTIBO (HONORARIUM,, TERMINAL LEAVE, ATBP.) TULAD NG SA MGA KAWANI NG PAMAHALAAN NA ANG PAGKUKUNAN NG PONDO AY MISMONG SA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T*, isinasaad ng naturang kapasiyahan na ang mga nabanggit na benepisyo at insentibo ay nararapat lamang kapalit ng serbisyong inihahatid nila sa mga nasasakupang mamamayan ng barangay.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 11-T'2000 ng Municipal Development Council (MDC) na humihiling sa nakatataas na ahensya ng pamahalaan sa pamamagitan ng Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna na mapagkalooban ang mga Kapitan ng barangay at lahat ng nanunungkulan sa barangay ng mga benepisyo at insentibo (honorarium, terminal leave, atbp) tulad ng sa mga kawani ng pamahalaan na ang pagkukunan ng pondo ay mismong sa barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Rodolfo S. San Luis, Kinatawan ng Ikaapat na Distrito; Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, MDC, Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

8870
10/20/2000